# Konsepto ng Maturity ng mga Batang Magpapalay

# Batay sa Teorya ni Gordon Allport

**Isang Pananaliksik na Iniharap sa**

**Kagawaran ng Departamento ng Agham Pangkaasalan ng**

**Pamantasang De La Salle – Dasmariñas**

**Dasmariñas, Cavite**

**Bilang Pagtupad sa mga**

**Pangangailangan upang Makamit ang**

**Titulong Batsilyer sa Sining ng Sikolohiya**

**Barit, Francis Clair S.**

**Bauyon, Ma. Anna Odessa D.**

**de Jesus, Manette C.**

**Marso 2012**

**ABSTRAK**

| | |
|---|---|
| **Pangalan ng Institusyon** | Pamantasan ng De La Salle – Dasmariñas |
| **Lokasyon** | Dasmariñas, Cavite |
| **Pamagat** | Konsepto ng Maturity ng mga Batang Magpapalay Batay sa Teorya ni Gordon Allport |
| **May Akda** | Barit, Francis Clair S.<br>Bauyon, Ma. Anna Odessa D.<br>de Jesus, Manette C. |
| **Pinagkuhanan ng Pondo** | Magulang ng mga mananaliksik |
| **Halaga** | Php 18,000.00 |
| **Petsa ng Simula** | Hunyo 2011 |
| **Petsa ng Pagsumite** | Marso 2012 |
| **Saklaw at Limitasyon** | Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa paglalahad ng konsepto ng *maturity* ng kabataang magpapalay sa Banana St., Nasugbu, Batangas sa pamamagitan ng pitong dimensyon ng *maturity* ayon kay Gordon Allport. Sampung batang magpapalay ang kalahok sa pag-aaral na ito |

| | |
|---|---|
| | na may edad na labing-tatlo hanggang labing-anim na gulang. |
| **Metodolohiya** | Gumamit ang mga mananaliksik ng kwalitatibong pagsusuri sa mga natipong impormasyon gamit ang pakikipanayam sa kanilang mga kalahok. Gumamit ng *purposive sampling* ang mga mananaliksik sa pagkuha ng kalahok sa pag-aaral. Ang ginamit na iskala ng patutunguhan ng mananaliksik ay pakikisalamuha, pakikibagay, at pakikipagpalagayang-loob. Ang ginamit na iskala ng mananaliksik sa pag-aaral ay pagtatanung-tanong, pakikipagkwentuhan, at pakapa-kapa. |

**Mga Kasagutan**

**Unang Suliranin: Ano ang demograpikong katangian ng mga kabataang magpapalay ayon sa kasarian, edad, bilang ng miyembro ng pamilya at antas ng edukasyon?**

Ang mga kalahok ng pag-aaral ay kinabibilangan ng walong lalaki at dalawang babae lamang. Tatlo sa mga kalahok ay may edad na labing anim, tatlo din ang may edad na labing lima, tatlong kalahok din ang may gulang na labing apat at isang kalahok ay labing tatlong gulang. Lahat sila ay mayroong

AKLATANG EMILIO AGUINALDO · INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

ama’t ina sa kanilang pamilya. Ang pinakamataas na bilang na miyembro ng pamilya ay labing-isa at ang pinakamababa naman ay anim. Ang anim sa kanila ay nag-aaral dalawa sa kanila ay magtatapos na ng pag-aaral sa sekondarya at tatlo ay magtatapos sa elementarya. Nag-aaral sila ngunit hindi lahat ay akma sa edad ng taon ng kanilang pag-aaral dahil hindi tuluy-tuloy ang pagpasok nila sa eskwela. Mayroong apat na batang magpapalay na tumigil sa pag-aaral, dahil ito sa pinansyal na estado ng kanilang pamilya.

**Ikalawang Suliranin: Ano ang konsepto ng mga batang magpapalay sa pitong dimensyon ng *maturity* ayon kay Gordon Allport: Pagpapalawig sa Sarili, Pakikipag-ugnayan sa Kapwa, Kapanatagan ng Emosyon, Makatotohanang Persepsyon, Angking Abilidad at Kakanyahan, Kaalaman sa Sarili at Pagtatag ng Pinag-isang Pilosopiya sa Buhay?**

Lumabas na sa pagpapalawig sa sarili ang mga batang magpapalay ay mayroong pagpapahalaga sa pamilya, pakialam sa ibang tao at nakikilahok sila sa mga gawaing panlabas. Ang nabuong konsepto nila sa pakikipag-ugnayan sa kapwa ay magandang pakikisama sa kapwa kahit kaiba ang ugali sa kanila at ang iba sa kanila ay nagkaroon na ng mas malalim na relasyon sa kapwa. Tanggap nila at pinagmamalaki ang kanilang mga sarili. Kulang sila ng *mature* na konsepto sa makatotohanang persepsyon. Kapag sila ay nagkakaroon ng problema, ang karamihan sa kanila ay sinasarili ang problema at sinisi ang sarili dahil sa pagkakaroon ng problema. Gayunpaman, naniniwala silang matalino sila, kaya ang ibang gawain na kaya ng iba at

tanggap ang kamalian nila. Mayroon silang mga plano sa buhay ngunit ang ilan sa kanila ay inaasa pa rin sa kanilang magulang kung ano ang mangyayari sa kanilang mga buhay.

**Ikatlong Tanong: Ano sa pitong dimensyon ng *maturity* ang mayroon ng mature na konsepto ang mga batang magpapalay?**

Mula sa pitong dimensyon ng *maturity*, apat sa mga ito ang masasabing mayroon na ang mga batang magpapalay. Ang apat na ito ay ang pagpapalawig sa sarili, pakikipag-ugnayan sa kapwa, angking abilidad at kakanyahan, at kaalaman sa sarili.

**Konklusyon**

Hindi lahat ng mga batang nagtatrabaho ng maaga ay mabilis nararating ang *maturity*. Nangangailangan pa na mabigyan ng edukasyon ang mga batang magpapalay upang mapalawak pa nila ang kanilang kaalaman sa kanilang kapwa at paligid. Makakatulong ng malaki kung hindi patigil-tigil sa pag-aaral ang mga bata upang tuloy-tuloy ang magkatuto nila sa eskwelahan, sa pamamagitan nito, magkakaroon sila ng mas matatag na plano sa buhay at maniniwala silang kaya nilang makamit ang mga pangarap nila sa buhay.

**Rekomendasyon**

Hangga’t maaari ay iiwas magtrabaho ang mga bata sa kanilang murang edad. Bigyan ng pagkakataong maipagpatuloy ang pag- aaral ng mga anak upang maabot nila ang mga pangarap sa buhay. Gabayan sila sa pagbuo ng kanilang plano sa buhay. Para sa mga batang magpapalay, dapat

piliting makapagtapos ng pag-aaral upang magkaroon sila ng mature na konsepto sa tatlong dimensyon: ang makatotohanang persepsyon, kapanatagan ng emosyon at pagtatag ng pinag-isang pilosopiya sa buhay. Marapat din na huwag nilang alisin ang pagiging bata sa kanilang mga sarili.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## TALAAN NG NILALAMAN

**Kabanata I KALIGIRAN NG PAG-AARAL**

Introduksyon 1

Konseptwal na Balangkas 2

Layunin ng Pag-aaral 5

Saklaw at Limitasyon 6

Kahalagahan ng Pag-aaral 7

Depinisyon ng mga Termino 8

**Kabanata II REBYU NG KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL**

Ang Mga Batang Manggagawa 15

Ang Mga Batang Magpapalay 17

Ang Yugto ng Adolescence 26

Depinisyon ng Maturity 29

Pitong Dimensyon ng Maturity ni Gordon Allport 32

**Kabanata III METODOLOHIYA**

Disenyo ng Pananaliksik 38

Mga Kalahok 41

Instrumento sa Pananaliksik 42

Hakbangin sa Pagkuha ng Datos 42

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Pag-aanalisa ng mga Datos 46

**Kabanata IV PAGLALAHAD, PAG-AANALISA AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS**

Suliranin 1 47

Suliranin 2 52

Suliranin 3 63

**Kabanata V BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Buod 67

Konklusyon 69

Rekomendasyon 70

Bibliograpiya 72

**APENDIKS**

Apendiks A II

Apendiks B IV

Apendiks C XXXIII

Apendiks D XLI

Curriculum Vitae

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

**Talaan ng mga Talahanayan**


| | |
|---|---|
| Pigura 1 | 4 |
| Talahanayan 1 | 47 |
| Talahanayan 2 | 47 |
| Talahanayan 3 | 48 |
| Talahanayan 4 | 50 |
| Talahanayan 5 | 52 |
| Talahanayan 6 | XXXIII |
| Talahanayan 7 | XXXIV |
| Talahanayan 8 | XXXV |
| Talahanayan 9 | XXXVI |
| Talahanayan 10 | XXXVII |
| Talahanayan 1 | XXXVIII |
| Talahanayan 12 | XXXIX |
| Talahanayan 13 | XL |


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines